

Pang-emergency na Plano ng Pamilya: Mga Pagsasanay at Drill



Sa loob ng kahit isang beses sa isang taon, magkaroon ng pagpupulong ng pamilya upang talakayin at i-update ang inyong **Pang-emergency na Plano ng Pamilya**. Magandang pagkakataon din ito upang suriin ang imbentaryo ng iyong **Pang-emergency na Supply Kit**. Tukuyin kung kailangan ng karagdagang pagsasanay, kagamitan, at mga supply. Magsanay, magsanay, magsanay sa iyong plano. Ang pagsasagawa ng mga pagsasanay na drill ay maaaring magpahusay sa bilis ng iyong pagkilos at makakatulong upang maiwasan ang pagkataranta sa aktwal na emergency.

A. Alamin kung paano at saan isasara ang mga utility:

✓ Lokasyon ng Main Water Valve:
✓ Lokasyon ng Gas Valve*:
✓ Lokasyon ng Crescent Wrench:
✓ Lokasyon ng Electric Panel/Main Breaker:
✓ Lokasyon ng Manual na Pag-override ng Pinto ng Garahe:
✓ Lokasyon ng Iba Pang Utility:

* **HUWAG** patayin ang gas maliban na lang kung nakakaamoy ka ng natural na amoy ng gas, naririnig mo ang sumisitsit na tunog ng gas na tumatagas, o nakakakita ka ng iba pang senyales ng pagtagas.

B. Gumuhit ng floor plan ng iyong tahanan na nagpapakita ng mga lokasyon ng mga exit door at bintana, shutoff ng utility, at Pang-emergency na Supply Kit. Tiyaking pamilyar dito ang lahat sa iyong tahanan. Ipakita ito sa mga nag-aalaga ng bata at mga bisita sa bahay.

C. Magtakda ng dalawang lokasyon kung saan magkikita ang iyong pamilya. Ang isa ay ang inyong **Lugar ng Tagpuan sa Komunidad** na malapit sa bahay tulad ng kanto ng kalye o pinakamalapit na parke. Ang pangalawa ay ang inyong **Lokasyon ng Paglikas**, isang pamilyar na lugar na malayo sa bahay kung saan maaaring magkita ang inyong pamilya kung sakaling hindi kayo makakauwi.

D. Pumili ng Contact sa Labas ng Bayan na alam ng lahat sa bahay upang matawagan at mapag-ulan ng kanilang lokasyon at kondisyon. Dapat isaulo ng lahat ang numero ng telepono na ito o dapat nilang dalhin nang nasa isang card. Sa panahon ng mga emergency, maaaring busy para sa mga nagre-respond sa emergency ang mga lokal na linya ng telepono.

E. Pag-isipang dumalo sa pagsasanay sa First Aid/CPR. Panatilihin ang mga sertipikasyon.

F. Tiyaking alam ng lahat sa tahanan kung paano ang ligtas na paggamit ng fire extinguisher. Mapapanood ang mga online na video ng pagtuturo gamit ang gusto mong search engine.

G. Mahahalagang Numero ng Telepono:

✓ Non-Emergency Fire Department:
✓ Non-Emergency Police o Sheriff:
✓ Doktor sa Pangunahing Pangangalaga:
✓ Kumpanya ng Gas/Propane:
✓ Kumpanya ng Kuryente:
✓ Kumpanya ng Tubig:
✓ Iba Pang Utility:
✓ Poison Control: 1-800-222-1222 – 24 na oras sa bawat araw, 7 araw sa bawat linggo, 365 araw sa bawat taon

GAMITIN ANG "911" PARA LAMANG SA MGA EMERGENCY NA NAGBABANTA SA BUHAY

sdge.com/checklists